Tunay na nakita ko sa mga Al-Ansar na ginagawa ito sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang mga bagay na ito,Ipinangako sa sarili ko na hindi ako magsasama ng sinuman mula sa kanila maliban sa paglilingkuran ko

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya.siya ay nagsabi: Lumabas ako kasama si Jarir bin `Abdullah Al-Bajaliy-malugod si Allah sa kanya-sa isang paglalakbay,At siya ay naglilingkod sa akin;Nagsabi ako sa kanya: Huwag mo itong gawin,Ang sabi niya:Tunay na nakita ko sa mga Al-Ansar na ginagawa sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang mga bagay na ito,Ipinangako sa sarili ko na hindi ako magsasama ng kahit isa mula sa kanila maliban sa paglilingkuran ko

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Hadith ni Jarir bin `Abdullah Al-Bajaliy-malugod si Allah sa kanya-Na siya-malugod si Allah sa kanya-ay nasa paglalakbay,Pinaglilingkuran siya ng kasama niya,at sila ay kabilang sa mga Al-Ansar,At kabilang sa kanila ay si Anas bin Malik-malugod si Allah sa kanya- at siya ay may mas maliit na gulang sa kanya;At sinabi sa kanya rito,Ibig sabihin ay:Papaano mo sila napaglilingkuran ,at ikaw ang kasamahan ng Sugo ni Allah-pagpalan siya ni Allah at pangalagaan?! Ang sabi niya:Tunay na nakita ko sa mga Al-Ansar na ginagawa sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang mga bagay na ito-Isinumpa ko sa sarili ko na hindi ako magsaama ng kahit isa mula sa kanila maliban sa paglilingkuran ko,at ito ay mula sa pagpaparangal sa sinumang nagpaparangal sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kaya ang pagpaparangal sa mga kasamahan ng isang lalaki ay [katumbas din] ng pagpaparangal sa isang lalaki,at ang pagbibigay galang sa kanila,ay [katumbas] ng pagbibigay galang sa kanya,Kaya ginawa niya-malugod si Allah sa kanya-na ang pagpaparangal sa kanila ay kabilang sa pagpaparangal sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3043